



## Maiikling Impormasyon Tungkol sa Paid Family Leave

- Nagbibigay sa mga kwalipikadong manggagawa ng pamalit sa kulang na sahod kapag lumiliban sa trabaho upang mag-alaga ng anak, magulang, biyenang lola o lola, apo, kapatid, asawa, o rehistradong domestic partner.
- Nagbibigay ng saklaw sa mga empleyado na nasasaklaw ng SDI (o isang Planong Boluntaryong kinuha bilang kahalili ng SDI).
- Nag-aalok ng hanggang anim na linggo ng mga benepisyo sa isang 12 buwang panahon.
- Ibibigay ang mga benepisyo ng pagsasama sa loob ng isang taon mula noong manganak, mag-amon o magkaroon ng foster care placement.
- Nagbibigay ng mga benepisyo ng humigit-kumulang 55 porsiyento ng mga hindi natanggap na sahod.
- Itinuturing na kitang napapatawan ng buwis ang mga benepisyo ng PFL.
- Nagbibigay ng mga benepisyo ngunit hindi nagbibigay ng proteksyon sa trabaho o kaparatan sa pagbalik.

# Sa California, isa itong batas. Paid Family Leave

## Mga Benepisyo

Upang mag-apply online o para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang:

[www.edd.ca.gov/disability](http://www.edd.ca.gov/disability)


Ingles	1-877-238-4373
Spanish	1-877-379-3819
Cantonese	1-866-692-5595
Vietnamese	1-866-692-5596
Armenian	1-866-627-1567
Punjabi	1-866-627-1568
Tagalog	1-866-627-1569



Estado ng California

Ang EDD ay isang employer/programang nagbibigay ng patas na oportunidad. Kapag hiniling, available ang mga karagdagang tulong at serbisyo sa mga indibidwal na may kapansanan. Ang mga kahilingan para sa mga serbisyo, tulong, at/o alternatibong format ay kailangang gawin sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-866-490-8879 (boses) o sa pamamagitan ng California Relay Service sa 711.

Ang pulyetong ito ay para lang sa pangkalahatang impormasyon at walang kapangyarihan at bisa na gaya ng sa batas, panuntunan o regulasyon.



Ang panahong  
kailangan mo para  
sa mga sitwasyong  
tulad nito.

Paid Family Leave

# Paid Family Leave Mga Benepisyo para sa Mga Manggagawa sa California

Maaaring may mga pagkakataon sa buhay ng isang manggagawa na kailangan nilang alagaan ang isang mahal sa buhay. Siya man ay isang nagtatrabahong magulang na gustong makasama ang kanyang bagong anak o isang empleyadong nag-aalaga para sa isang anak, magulang, biyenang lolo o lola, apo, kapatid, asawa o rehistradong domestic partner, ginawa ang Paid Family Leave (PFL) ng California para sa mga ganitong pagkakataon.



## Isang Programang Mapapakinabangan Mo at ng Iyong Pamilya

Nangunguna ang California sa buong bansa bilang ang unang estado na ginawang mas madali para sa mga empleyado na balansehin ang mga pangangailangan ng trabaho at pag-aalaga ng pamilya sa tahanan. Nakabatay ang mga benepisyong PFL sa mga kinita ng paghahabol (tagapagbigay ng pangangalaga) sa nakalipas na tatlong buwan. Para sa higit pang impormasyon hinggil sa binabayaranang halaga ng maximum na benepisyong basahin ang form ng *Disability Insurance (DI) and Paid Family Leave (PFL) Weekly Benefit Amounts in Dollar Increments form*, DE 2589, (Halaga ng Lingguhang Benepisyong Disability Insurance (DI) at Paid Family Leave (PFL) sa Mga Increment na Dolyar) sa [www.edd.ca.gov/disability](http://www.edd.ca.gov/disability).

# Paid Family Leave para sa Mga Manggagawa sa California

Upang maging kwalipikado para sa mga benepisyong PFL, dapat mong matugunan ang mga sumusunod na kinakailangan:

- Sinasaklawan ng State Disability Insurance (SDI) (o Planong Boluntaryong kinuha bilang kahalili ng SDI) at kumita ka ng hindi bababa sa \$300 sa iyong batayang panahon kung saan ibinabawas ang mga kakaltasin.
- Magbigay ng impormasyong medikal na sumusuporta sa iyong paghahabol na ang tatanggap ng pangangalaga ay mayroong malubhang kundisyong pangkalusugan at nangangailangan ng iyong pangangalaga.
- Isumite ang iyong paghahabol nang hindi mas maaga sa siyam na araw pagkatapos magsimula ng unang araw ng iyong leave para sa pamilya, ngunit hindi lalampas ng 49 na araw pagkatapos magsimula ng iyong leave para sa pamilya.
- Magbigay ng dokumentasyon upang suportahan ang isang paghahabol para makasama ang isang bagong silang na tunay, inampon o foster na anak.
- Maaaring kailangan mong gumamit ng hanggang dalawang linggo ng anumang naipon ngunit hindi pa nagagamit na leave para sa bakasyon o bayad na time off, kung kinakailangan ng iyong employer, bago pa ang paunang pagtanggap ng mga benepisyong.
- Maglaan ng pitong araw na walang bayad na panahon ng paghihintay bago bayaran ang mga benepisyong para sa bawat magkakaibang tatanggap ng pangangalaga sa loob ng 12 buwan na panahon.

Hindi ka maaaring maging kwalipikado para sa mga benepisyong kung:

- Nakakatanggap ka ng mga benepisyong Disability Insurance, Unemployment Insurance o bayad-pinsala para sa mga manggagawa.
- Hindi ka nagtatrabaho o naghahanap ng trabaho sa panahong sinimulan mo ang iyong leave para sa pangangalaga sa pamilya.
- Hindi ka nakakaranas ng kawalan ng sahod.
- Ang pangangailangan sa pangangalaga ay hindi sinusupportahan ng katibayan ng isang gumagamot na doktor/practitioner.
- Kung ikaw ay nakakulong dahil sa hatol sa isang krimen.

May karapatan kang:

- Malaman ang dahilan at batayan para sa mga pasyong nakakaapekto sa iyong mga benepisyong.
- Iapela ang mga pasya tungkol sa iyong pagiging kwalipikado para sa mga benepisyong. Dapat ipadala ang mga apela sa pamamagitan ng sulat sa PFL.
- Isang pagding ng iyong apela sa harap ng isang Administrative Law Judge. Maaaring muling iapela ang mga pasya sa California Unemployment Insurance Appeals Board at sa mga korte.
- Impormasyon sa Privacy tungkol sa iyong paghahabol ay pananatilihin kumpidensyal maliban sa mga layuning pinapahintulutan ng batas.

Ang mga benepisyong PFL ay hindi nagbibigay ng proteksyon sa trabaho o mga karapatan sa pagbalik. Maaaring magbigay ng proteksyon sa trabaho kung ang iyong employer ay napapailalim sa pederal na Family at Medical Leave Act at sa California Family Rights Act. Abisuhan ang iyong employer tungkol sa dahilan ng paghingi ng leave sa paraang tumutugma sa patakaran sa leave ng inyong kumpanya.



## Mag-apply para sa Mga Benepisyong

Mag-apply para sa mga benepisyong PFL gamit ang SDI Online sa [www.edd.ca.gov/disability](http://www.edd.ca.gov/disability). Maaaring magsumite ang mga employer at doktor/practitioner ng impormasyon sa paghahabol sa pamamagitan ng SDI Online. Maari ka ring maghain ng paghahabol sa pamamagitan ng form na papel. Upang humiling ng form para sa paghahabol bisitahin ang [www.edd.ca.gov/disability](http://www.edd.ca.gov/disability).

Kung kasalukuyan kang tumatanggap ng mga benepisyong DI na may kaugnayan sa pagdadalang-tao, hindi na kinakailangang humiling ng form para sa paghahabol sa PFL. Ipadala ang impormasyon sa paghahain ng paghahabol sa iyong SDI Online account o magpapadala ng form para sa paghahabol sa pamamagitan ng liham kapag natapos na ang iyong paghahabol para sa kapansanan na may kaugnayan sa pagdadalang-tao.

Kung sinasaklaw ka ng isang Planong Boluntaryong kinuha, makipag-ugnayan sa iyong employer upang makakuha ng impormasyon tungkol sa iyong saklaw at mga tagubilin sa kung paano mag-apply para sa mga benepisyong.

## Makipag-ugnayan sa Paid Family Leave

Para sa mga tanong tungkol sa mga benepisyong PFL, pakibisita ang [www.edd.ca.gov/disability](http://www.edd.ca.gov/disability).

Makikita sa likod na panel ang numero ng telepono.

Dapat ipadala ang mga form para sa paghahabol sa PFL sa: PO Box 989315  
West Sacramento, CA 95798-9315